# Aral Mula sa Sermon ni Jesus sa Bundok Yugto 27

"8 Mapapalad ang mga may malinis na puso: sapagka't makikita nila ang Dios." (Mateo 5:8)

Ang may malinis na puso ay masaya: mapalad ang may malinis na puso sapagka't makikita nila ang Diyos. Ito ang pinaka komprehensibo sa lahat ng mga kagandahang loob, dito ang kabanalan at kasiyahan ay ganap na pinagtugma at pinagkaisa. Mapalad ang masaya at walang kasiyahan ang walang kadalisayan. Ang tunay na kasiyahan ay kapag sinamahan ng kadalisayan at walang kasalanan. Ang pamumuhay sa kasalanan ay magaalis ng kagalakan ng Diyos mula sa ating puso.

Kung tayo ay naghihintay upang makita ang Diyos sa ganon kailangan nating linisin ang ating sarili. "1 Masdan ninyo kung gaanong pagibig ang ipinagkaloob sa atin ng Ama, upang tayo'y mangatawag na mga anak ng Dios; at tayo'y gayon nga. Dahil dito'y hindi tayo nakikilala ng sanglibutan, sapagka't siya'y hindi nakilala nito. 2 Mga minamahal, ngayon ay mga anak tayo ng Dios, at hindi pa nahahayag kung magiging ano tayo. Nalalaman natin, na kung siya'y mahayag, tayo'y magiging katulad niya: sapagka't siya'y ating makikitang gaya ng kaniyang sarili. 3 At sinomang mayroon ng pagasang ito sa kaniya ay naglilinis sa kaniyang sarili, gaya naman niyang malinis." (1 Juan 3:1-3) Ang Diyos ay mahal tayo at ang Diyos ay ibinigay sa atin ang Kanyang sariling anak, ang Panginoong JesuCristo, na nagligtas sa atin at ibinigay Niya ang Kanyang buhay para sa atin kaya naman kailangan nating mahiya sa ating mga kasalanan at simulang magsisi at bumalik sa Diyos at linisin ang ating sarili bilang Siya ay malinis. Ang Diyos ay mahal tayo at tinawag tayo na Kanyang mga anak. Ang mundo ay hindi Siya kilala ngunit kilala natin Siya at dapat tayong maging katulad Niya kapag siya ay nahayag, kaya kailangan nating linisin ang ating sarili bilang Siya ay malinis. Ang sanglibutan ay hindi nakikilala Siya, samakatuwid sila'y walang alam na kailangan nilang maging malinis. Sa gayon ikaw at ako ay hindi maikukumpara ang ating sarili sa sanglibutan; sila'y hindi banal sapagkat hindi nila kilala ang Panginoon, ngunit kilala natin Siya, alam natin na Siya ay banal at kailangan nating maging malinis at banal tulad Niya.

Narito ang pinaka magkakaugnay ng katangian ng pinagpala; sila'y may malinis na puso. Kung nais mo talaga na maging mapagpala kailangan mong linisin ang iyong sarili, upang linisin ang iyong buhay, upang linisin ang iyong isip, ang iyong kaluluwa at ang iyong puso.

Tayo ay lumalapit sa Diyos sa pamamagitan ng paglilinis ng ating mga sarili ng Salita ng Diyos at hayaan ang gawa ng Banal na Espiritu sa ating buhay, na ating mababasa. "22 Tayo'y magsilapit na may tapat na puso sa lubos na pananampalataya, na ang ating mga puso na winisikan mula sa isang masamang budhi: at mahugasan ang ating katawan ng dalisay na tubig," (Hebreo 10:22) Ang malinis na tubig ay Salita ng Diyos at ang Banal na Espiritu. Ang Salita ng Diyos na ang Diyos ay ipinapadala sa atin kasama ng Banal na Espiritu upang linisin ang ating mga puso at upang alisin ang lahat ng ating mga kasalanan at kasamaan upang tayo'y maging banal na bayan ng Diyos.

Ang mensahe ay para sayo upang maging malinis at upang maging dalisay. Ang Panginoon ay nililinis tayo sa pamamagitan ng Kanyang Salita upang tayo ay maging malinis upang makita natin Siya. Pinagpala at masaya tayo kung tayo ay may malinis na puso. Ang kalinisan sa puso ay makapapagawa sa atin upang makita ang Diyos sa bawat sandali sa ating buhay sa pamamagitan ng mga himala, kababalaghan, kasagutan ng mga panalangin at Kanyang pagbisita sa atin sa ating tahimik na oras sa Kanya, sa ating debosyon ng pamilya at sa ating pagdiriwang sa simbahan at sa ministerio.

Ang tunay na relehiyon ay binubuo ng pusong dalisay. Silang mga nasa loob ang kalinisan, nagpapakita ng kanilang sarili sa ilalim ng kapangyarihan ng dalisay at hindi nadumihang relihiyon. "27 Ang dalisay na relihion at walang dungis sa harapan ng ating Dios at Ama ay ito, dalawin ang mga ulila at mga babaing bao sa kanilang kapighatian, at pagingatang walang dungis ang kaniyang sarili sa sanglibutan." (Santiago 1:27) Makakatulong italaga tayo sa iba at iministerio sila kapag tayo ay may malinis na mga puso. Ang malinis na puso ay numumuno sa atin tulad ng pangnunguna ng Diyos na maging tunay at dalisay sa ating mananampalataya at relihiyon, at tungo sa mga tao na nangangailangan ng tulong at suporta sa kanilang mahirap na panahon at pagkabalisa Ang mga gawain ng Diyos ay aagos mula sa dalisay na puso. Ang malinis na puso ay kasabihan sa likod ng mabuting gawain na ang Diyos ang nagtalaga at magpapala.

"At ipinakita niya sa akin ang isang ilog ng tubig ng buhay, na maningning na gaya ng bubog, na lumalabas sa luklukan ng Dios at ng Cordero," (Pahayag 22:1) Ang Diyos at dalisay at kailangan nating maging dalisay katulad Niya. Ang Diyos ay dalisay, patuloy Siyang nagbibigay sa atin at nagpapadala sa ating ng mga malinis na bagay, kung gayon kailangan nating ingatan ang ating sarili na malinis katulad Niya. Habang tayo'y nagpapatuloy upang mabuhay sa kalinisan ay maging malinis tayo ay maglalaan ng walang hanggan kasama Niya. Upang magalak na mabuhay sa walang hanggan kasama ng Diyos tayo ay tinawag upang maging malinis at linisin ang ating sarili, ang ating puso, ang ating mga kaluluwa. Ang Banal na Espiritu na ipinadala Niya sa atin sa araw araw at ang Salita ng Diyos ay malinis na ilog ng tubig ng buhay na palaging ipinapadala ng Diyos sa tubig upang sariwain ang ating buhay.

Hindi lamang ang ating mga gawa, ngunit ang ating kaisipan na sinasalita Salita sa Diyos, dapat ito'y maging malinis. Kapag tayo'y nagiisip tungo sa ating sarili at patungo sa iba, Ang Diyos ay gusto tayong magisip sa malinis na paraan: "8 Katapustapusan, mga kapatid, anomang bagay na katotohanan, anomang bagay na kagalanggalang, anomang bagay na matuwid, anomang bagay na malinis, anomang bagay na kaibigibig, anomang bagay na mabuting ulat; kung may anomang kagalingan, at kung may anomang kapurihan, ay isipin ninyo ang mga bagay na ito." (Filipos 4:8) Ating salaminin ang ating mga kaisipan at ang ating salita at ihalintulad sila sa Filipos 4:8 at ating tingnan ano ang wala sa katotohanan, kagalang galang, matuwid, malinis, kaibigibig, mabuting ulat, at kagalingan, kapurihan kaisipan. Amg Diyos ay makikita anh ating kaisipan ang makikita sa pamamagitan nila ang kawalan ng kalinisan sa ating puso.

Si Apostol Pablo ay nagsulat din upang utusan tayo na ang ating isip ay dapat na malinis sa harapan ng Diyos, na sa paraan na tayo'y nagiisip dapat ay maging malinis; sinulat niya upang halukayin sa afin upang magkaroon ng malinis na puso. "1 Ito nga ang ikalawang sulat, mga minamahal, na isinusulat ko sa inyo; at sa dalawa'y ginigising ko ang inyong tapat na pagiisip sa pamamagitan ng pagpapaalaala sa inyo." (2 Pedro 3:1)

Hindi lamang ang ating mga isip,kundi ganon din ang ating mga kaluluwa ay kailangan maging malinis at kailangan natin upang linisin ang ating mga kaluluwa sa harapan ng Diyos. "22 Yamang nilinis ninyo ang mga kaluluwa sa inyong pagtalima sa katotohanan, sa pagibig na hindi pakunwari sa mga kapatid, ay mangagibigan kayo ng buong ningas ng inyong puso sa isa't isa:" (1 Pedro 1:22) Ang mga kaluluwa ay lugar ng pagiisip, nararamdaman, at paggawa ng desisyon. Kalinisan sa ating puso ay darating kapag tayo'y sumunod sa katotohanan ng Salita ng Diyos at ano ang sinasabi ng Banal na Espiritu sa atin na gawin.

Ang kalinisan sa ating mga puso at sa ating mga kaluluwa ay tutulong sa atin upang ibigin ang iba at ang kapatiran. Ang kalinisan ng mga kaluluwa at kalinisan ng mga puso ay magsasama. Sa gayon ating siyasatin at tingnan kung tayo ay sumusunod sa Salita ng Diyos at nililinis ang ating mga kaluluwa ng Salita ng Diyos, o tayo ay sumusunod sa mga kaugalian, emosyon, mga araw at ang kalendaryo ng sanglibutang ito?

Ang tunay na pagkakristiyano ay nakasalalay sa kalinisan ng puso at ito'y kailangan sa paglilinis ng mga puso mula sa kasamaan, "14 Oh Jerusalem, hugasan mo ang iyong puso sa kasamaan, upang ikaw ay maligtas. Hanggang kailan titigil sa loob mo ang iyong mga masamang pagiisip?" (Jeremiah 4:14) Ang Diyos ay umiiyak sa Kanyang simbahan, sa Kanyang bayan, upang maging dalisay at malinis, at linisin ang kanilang mga puso mula sa kasamaan. Ang kasamaan dito ay nagsisimula mula sa maling pagiisip sa kanilang puso, "19 Sapagka't sa puso nanggagaling ang masasamang pagiisip, mga pagpatay, mga pangangalunya, pakikiapid, mga pagnanakaw, mga pagsaksi sa di katotohanan, mga pamumusong:" (Mateo 15:19) Sa gayon kailangan natin na linisin ang ating mga isip at mga imahinasyon. Kapag ang simbahan ay nalinis mula sa kasamaan, ang kaligtasan ng Diyos ay magkakatotoo sa buhay ng simbahan.

Dapat nating itaas sa Diyos, hindi lamang ang malinis na mga kamay, ngunit malinis na puso, at isang malinis na pagsamba at paglayo mula sa mga kasalanan at mga iniidolo. "3 Sinong aahon sa bundok ng Panginoon? At sinong tatayo sa kaniyang dakong banal? 4 Siyang may malinis na mga kamay at may dalisay na puso; na hindi nagmataas ang kaniyang kaluluwa sa walang kabuluhan, at hindi sumumpa na may kabulaanan. 5 Siya'y tatanggap ng pagpapala sa Panginoon, at ng katuwiran sa Dios ng kaniyang kaligtasan." (Mga Awit 24:3-5) Sino ang maliligtas? Sino ang makakasam ng Diyos magpakailanman? Silang may malinis na mga kamay at malinis na mga puso. Ang puso ay dapat malinis, ang buhay at paguugali ay susunod na katulad. Kung tayo ay nabubuhay sa kalinisan sa gayon tayo ay makakatanggap ng pagpapala ng Diyos at kaligtasan nh Diyos. "5 Nguni't ang kinauuwian ng bilin ay ang pagibig na nagbubuhat sa malinis na puso at sa mabuting budhi at sa pananampalatayang hindi paimbabaw." (1 Timoteo 1: 5) Ang dalisay na puso ay nagbibigay ng malinaw at mabuting konsensya at totoong pagibig patungo sa iba para sa totoong pagibig at kawanggawa ay darating mula sa dalisay na puso.

Ang puso dapat ay hindi nahahaluan ng mga bagay na sumasalungat sa kalinisan. Ang puso ay dapat panatilihing malinis mula sa pagnanasa ng laman, lahat ng hindi malinis, walang pigil na kaisipan, pagnanasa at mula sa makamundong pagnanasa, maruming kita; karumihan ng laman at espiritu at lahat ng nagmumula sa puso at nagpaparumi sa tao. "18 Datapuwa't ang mga bagay na lumalabas sa bibig ay sa puso nanggagaling; at siyang nangakakahawa sa tao. 19 Sapagka't sa puso nanggagaling ang masasamang pagiisip, mga pagpatay, mga pangangalunya, pakikiapid, mga pagnanakaw, mga pagsaksi sa di katotohanan, mga pamumusong: 20 Ito ang mga bagay na nangakakahawa sa tao; datapuwa't ang kumaing hindi maghugas ng mga kamay ay hindi makakahawa sa tao." (Mateo 15:18-20) Ano ang mga bagay na nakakapagalis ng kanilisan ng puso?

1. Ang masamang kaisipan, ang mali at ang masamang kaisipan na kontra sa Diyos.
2. Pagpatay, kung saan kasama ang galit, paghihiganti, paghihimagsik, walang pagpapatawad.
3 Pangangalunya at mga pakikiapaid, ang immoral na mga kaisipan, ang pagnanasa patungo sa lalaki at babae, ang panonood ng ponograpiya at lahat ng hindi malinis na bagay ay laban sa kalooban ng Diyos sa ating buhay.
4. Pagnanakaw sa anyo ng pananamantala at pagkuha ng bagay mula sa iba ng walang permiso.
5. Maling Saksi sa anyo ng pagsasabi ng kasinungalingan at paggawa ng mga kuwento na may malisya at pagkapoot na sumisilo sa iba.
6. Pamumusong ay hindi naniniwala sa Salita ng Diyos at gawa ng Banal na Espiritu dahil lamang ang mga tao ay ayaw baguhin ang nasa kanilang isip at mga puso.

Kung ating ihahalintulad ang Mateo 15:19 ito ay kabaligtaran ng Filipos 4:8.

Ang puso ay dapat nililinis ng pananampalataya at pagsunod sa Diyos; ito'y dapat iharap at ingatan bilang malinis na birhen kay Cristo. "2 Sapagka't ako'y naninibugho tungkol sa inyo ng panibughong ukol sa Dios: sapagka't kayo'y aking pinapapagasawa sa isa, upang kayo'y maiharap ko kay Cristo na tulad sa dalagang malinis." (2 Corinto 11:2) Ang Salitang Griyego para sa malinis ay "Hagnos" na i big sabihin ay malinis mula sa kalayawan' 'malinis' 'mababang loob' 'malinis mula sa bawat kamalian', 'busilak' at malinis. Tayo'y manalangin at umiyak sa Diyos, Likhain mo sa akin ang ganitong isang malinis na puso, O Diyos. "10 Likhaan mo ako ng isang malinis na puso, Oh Dios; at magbago ka ng isang matuwid na espiritu sa loob ko." (Mga Awit 51:10) Si David ay nanalangin at nagsabi sa Diyos na likhain sa kanya ang isang malinis na puso ; sa atin sa parehong paraan kailangan nating makipagkasundo sa Diyos, magsisi mula sa ating mga kasalanan at makamundong paraan upang ang Diyos ay lumikha sa atin ng dalisay na puso.

Kapag tayo ay mamuhay ng ganitong paraan, dalisay, malinis, at kaaya aya sa Diyos tayo ay magiging masaya sapagkat masaya ang mga may malinis na puso. Habang ating natatanggap ang karunungan ng Diyos na makakatulong sa atin upang makagawa ng desisyon na napakadalisay at original mula sa Diyos, "17 Nguni't ang karunungang buhat sa itaas, ay una-una'y malinis saka mapayapa, banayad, madaling panaingan, puspos ng kaawaan at ng mabubuting bunga, walang inaayunan, walang pagpapaimbabaw." (Santiago 3:17)

Kailangan nating isapamuhay at ihayag ang mabuting balita ni Jesus at gawin ang ministerio ng Diyos Hindi lamang sa salita bagkus sa kalinisan sa buhay at paguugali. "4 Datapuwa't sa lahat ng mga bagay ay ipinagkakapuri namin ang aming sarili, gaya ng mga ministro ng Dios, sa maraming pagtitiis, sa mga kapighatian, sa mga pangangailangan, sa mga paghihinagpis, 5 Sa mga latay, sa mga pagkabilanggo, sa mga kaguluhan, sa mga gawa, sa mga pagpupuyat, sa mga pagaayuno; 6 Sa kalinisan, sa kaalaman, sa pagpapahinuhod, sa kagandahang-loob, sa Espiritu Santo, sa pagibig na hindi pakunwari," (2 Corinto 6:4-6) Si Pablo ay nagpahayag ng kanyang kagustuhan upang mamighati at tiisin sa paglilingkod sa Diyos at sa ganitong paraan napatunayan niya ang kanyang kalinisan sa layunin sa paglilingkod sa Panginoon. Handa upang magtiis, handa upang pagusigin at magtiis para kay Cristo ay maghahayag ng kalinisan ng ating mga puso at ating malinis na motibo patungo sa misyon ng Diyos at patungo sa uri ng buhay na gusto ng Diyos sa atin upang mabuhay para sa Kanya.

Ang ating pananampalataya ay magpapalakas sa pamamagitan ng ating malinis na konsensya kapag tayo'y gumagawa ng tamang bagay kasama ng Diyos at ng tao. "9 Na iniingatan ang hiwaga ng pananampalataya ng malinis na budhi." (1 Timoteo 3:9) Ang ating pananampalataya sa Diyos habang tayo'y sumusunod sa Kanya, ang ganitong pananampalataya ay makakapagbahagi sa atin ng malinis na konsensya. Dapat tayong maglingkod sa Diyos ng may malinis na konsensya, "3 Nagpapasalamat ako sa Dios, na mula sa aking kanunununuan ay aking pinaglilingkuran sa budhing malinis, na walang patid na inaalaala kita sa aking mga daing, gabi't araw;" (2 Timoteo 1:3) Kapag tayo'y mayroong dalisay na puso magkakaroon tayo ng malinis na konsensya patungo sa Diyos at kikilos na magkaroon ng malinaw na konsensya sa iba.

Ang aking patotoo: mayroon akong malinis na konsensya na hinarap ko ang bawat isa ayon sa anong ibinigay sa akin ng Diyos na gawin. Siguro minsan ako'y nagkulang, ngunit ito'y akin pinagbayaran, at ganon din maaring sa ilang panahon ako'y nagbigay ng labis, kung gayon aking napigilan at kinuha ulit. Ngunit sa katotohanan ako ay may malinis na konsensya sa lahat ng mga tao. Nagawa ko kung ano ang pinagawa sa akin ng Panginoon patungo sa Kanya at patungo sa iba.

Kailangan natin layuan ang anumang masidhing pagnanasa ng laman ng kabatanan at kumilos at maglingkod sa Diyos kasama ng mga tao na tumatawag sa Diyos ng may malinis na puso. "22 Datapuwa't layuan mo ang masasamang pita ng kabinataan, at sundin mo ang kabanalan, ang pananampalataya, ang pagibig, ang kapayapaan, kasama ng mga nagsisitawag sa Panginoon mula sa pusong malinis." (2 Timoteo 2:22) Kaya kailangan talaga nating piliin kung kanino tayo sasama. Kailangan nating panatilihing malinisang ating sarili sa pamamagitan ng hindi palilingkod sa Diyos na may hindi malinis na mga tao. "22 Huwag mong ipatong na madalian ang iyong mga kamay sa kanino man, ni huwag kang makaramay sa mga kasalanan ng iba: ingatan mong malinis ang iyong sarili." (2 Timoteo 5:22) Kailangan nating lumayo mula sa ganitong makasalanan na mga tao at huwag maglingkod sa mga idolo. Kailangan natin gawin iyon upang panatilihing malinis ang ating sarili. Hindi tayo agad nagpapatong ng ating mga kamay at makiayon sa mga tao na nagkakakasala at gumagawa ng mga bagay na laban sa Diyos. Sakatuwid dapat nating malaman at huwag makiayon sa mga tao na hindi natin alam ang kanilang pamumuhay.

Kailangan din natin bigyan ng babala ang mga tao upang tayo ay maging malaya at malinis mula sa kasalanan ng kanilang dugo. "Kaya nga pinatotohanan ko sa inyo sa araw na ito, na ako'y malinis sa dugo ng lahat ng mga tao." (Mga Gawa 20:26) Kaya una huwag tayong makibahagi sa hindi malinis na mga tao, pangalawang kailangan nating bigyan ng babala sila upang tayo ay maging malaya at malinis mula sa kasalanan ng kanilang dugo.

Ako ay nagpapahayag ngayon ng malinaw na sa bawat isa ako ay malinis mula sa dugo na lahat ng dumaan sa aking ministerio ng buhay. Ginawa ko ang aking bahagi ng maayos sa lahat. Ginawa ko ang kung ano ang pinapagawa ng Diyos sa akin na gawin sa bawat isa na tao na hinayaan ng Diyos upang dumaan sa aking pag miministerio.

"Mapapalad ang mga may malinis na puso: sapagka't makikita nila ang Dios." (Mateo 5:8) Ito ang pinaka komprehensibong pagaliw ng mga pinagpala; makikita nila ang Diyos. Ito ang kabuoan ng kasiyahan ng kaluluwa na makita ang Diyos; makita Siya, habang nakikita natin Siya ngayon sa pananampalataya sa ating makabagong estado: makikita natin Siya sa hinaharap na estado, sa langit ng langit, kapag nakita natin Siya at makatagpo natin Siya sa alapaap, upang makita Siya bilang Siya ay, mukha sa mukha!

Sa panahon ng buhay na ito sa mundo amg Diyos ay bumibisita sa atin kasama ng Banal na Espiritu at sa paghawak sa atin, sa ating palaging pagdedebosyon at tahimik na oras kasama Siya, pagpapagaling sa atin, paggawa ng himala, pagaliw sa atin sa pang araw araw na probisyon, pagprotekta sa atin, pagbibigay sa atin ng makaDiyos na desisyon at ng kagilagilalas na mga himala. Sa ganitong paraan hinahayaan Niya na makita natin Siya habang nakikita natin ang ating sarili, at upang masiyahan sa Kanya, upang maging masaya na kawangis Niya.

Ang taga awiit ay nagsabi "Tungkol sa akin, aking mamasdan ang iyong mukha sa katuwiran: ako'y masisiyahan pagka bumangon sa iyong wangis." (Awit 17:15) Habang nililinis natin ang ating mga puso makakayanan nating makita ang Diyos at iyon ang magdadala ng walang hanggang kagalakan sa ating mga puso. Upang makita Siya ng walang hanggan, at hindi mawala sa paningin Niya, ito ang kasiyahan ng langit, para sa kasiyahan na makita ang Diyos ay ipinangako sa mga at kanila lamang na may malinis na puso.

Wala kundi ang dalisay na may kakayanan na makita ang Diyos. Silang walang malinis na puso ay hindi makikita ang Diyos. Bukod doon para ano na makita nila ang Diyos? Sila'y walang kasiyahan sa Kanya at sila'y hindi nila hinahanap o ginagawa ang kanilang bahagi upang lumapit sa Kanya. Ayaw nilang makita ang kanilang mga kasalanan at gawin ang kanilang bahagi upang magsisi at tanggapin iyon. Kaya hindi nila kayang magtiis upang tumingin sa Kanyang kalinisan.

Ganon din walang malinis na makakapasok sa bagong Jerusalem; ngunit lahat ng may malinis na puso, lahat ng tunay na pinaging banal na nagpapabanal ng kanilang sarili upang makita ang paningin ng Diyos. "27 At hindi papasok doon sa anomang paraan ang anomang bagay na karumaldumal, o siyang gumagawa ng kasuklamsuklam at ng kasinungalingan: kundi yaon lamang na mga nakasulat sa aklat ng buhay ng Cordero." (Pahayag 21:27)

Sa aking mahal at minamahal:

Ang kabanalan at kasiyahan ay ganap na pinagtugma at inilagay ng magkasama. Walang kasiyahan ng walang kalinisan, at tunay na kasiyahan ay kapag ito'y sinamahan ng kalinisan at walang kasalanan. Ang pamumuhay sa kasalanan ay magaalis ng kagalakan ng Diyos mula sa ating mga puso.

Pinagpala ang masaya at walang kasiyahan ang walang kalinisan. At ang totoong kasiyahan ay kapag sinamahan ng kalinisan at walang kasalanan. Ang pamumuhay sa kasalanan ay magaalis ng kagalakan ng Diyos mula sa ating mga puso.

Kailangan mong mahiya sa iyong mga kasalanan at simulang magsisi at bumalik sa Diyos at linisin ang iyong bilang Siya ay malinis.

Hindi mo maaaring ihalintulad ang iyong sarili sa sanglibutan upang iwasang mamuhay sa kabanalan; sila'y hindi banal dahil hindi nila kilala ang Panginoon, ngunit kilala mo Siya, alam mong Siya ay banal at kailangan mong na maging malinis at banal katulad Niya.

Lumapit ka sa Diyos sa pamamagitan ng paglilinis sa iyong sarili ng Salita ng Diyos at hayaan ang gawa ng Banal na Espiritu aa iyong buhay.

Magbasa ka ng Bibliya araw araw upang ang Salita ng Diyos na ipinapadala ng Diyos sayo kasama ng Banal na Espiritu ay upang linisin ang iyong puso at alisin ang lahat ng mga kasalanan at kasamaan upang ikaw ay maging banal bilang amg Diyos ay banal.

Ang kalinisan sa iyong puso ay makakaya mong makita ang Diyos sa bawat sandali ng iyong buhay sa pamamagitan ng mga himala, kababalaghan, mga panalangin na sinagot, at sa Kanyang pagbisita sayo sa iyong tahimik na oras kasama Niya, aa iyong debosyon ng pamilya, at sa iyong paglilingkod sa simbahan at sa ministerio.

Habang nagagalak ka upang mabuhay ng walang hanggan kasama ng Diyos, ikaw ay tinawag upang maging malinis at upang linisin ang iyong sarili, iyong puso, at iyong kaluluwa.

Hindi lamang sa iyong gawa, bagkus sa iyong kaisipan na nagsasabi ng Salita sa Diyos, sila'y dapat malinis. Kapag nagiisip ka patungo sa iyong sarili ay patungo sa iba, ang iyong kaisipan ay nais ng Diyos na maging malinis.

Salaminin mo ang iyong kaisipan at iyong usapian ang ihalintulad sila sa Filipos 4:8 "8 Katapustapusan, mga kapatid, anomang bagay na katotohanan, anomang bagay na kagalanggalang, anomang bagay na matuwid, anomang bagay na malinis, anomang bagay na kaibigibig, anomang bagay na mabuting ulat; kung may anomang kagalingan, at kung may anomang kapurihan, ay isipin ninyo ang mga bagay na ito." (Filipos 4:8) at tingnan ano ang kulang sa katotohanan, kagalanggalang, matuwid, kaibigibig, mabuting ulat, kagalingan, kapurihang pagiisip. Ang Diyos ay huhulihin ka sa iyong kaisipan at makikita Niya sa pamamagitan nila ang walang kalinisan sa iyonh puso.

Linisin mo ang iyong kaisipan at imahinasyon mula sa masamang pagiisip, pagpatay, pangangalunya, pakikiapid, pagnanakaw, maling patotoo, pamumusong, "19 Sapagka't sa puso nanggagaling ang masasamang pagiisip, mga pagpatay, mga pangangalunya, pakikiapid, mga pagnanakaw, mga pagsaksi sa di katotohanan, mga pamumusong:" (Mateo 15:19) Magsisi sa lahat ng mga kasalanang ito upang ikaw ay makapunta sa langit.

Manalangin at umiyak sa Diyos upang likhain sa yo ang isang malinis na puso, "10 Likhaan mo ako ng isang malinis na puso, Oh Dios; at magbago ka ng isang matuwid na espiritu sa loob ko." (Awit 15:10)

Kapag ikaw ay nabubuhay sa ganitong paraan, dalisay, malinis at kalugod lugod sa Diyos hindi ka lamang maliligtas, ganon din ikaw ay magiging masaya at matatanggap mo ang karunungan ng Diyos na makakatulong sayo upang makagawa ng desisyon na napakadalisay at original mula sa Diyos na tutulong sayo at sa iba na nakapaligid sayo.

Maging handa upang maghirap, para sa kahandaan na pagusig at pagdurysa para Kay Cristo ay nagpapahayag ng kalinisan ng iyong puso at iyong malinis na motibo patungo sa misyon ng Diyos patungo sa uri ng buhay na nais ng Diyos sayo upang mabuhay para sa Kanya.

Ang iyong pananampalataya ang magpapatatag sa pamamagitan ng iyong malinis na konsensya kapag ginagawa mo ang tamang bagay kasama ng Diyos at ng tao. Habang ikaw ay sumusunod sa Diyos, amg ganitong pananampalataya ay magbibigay sayo ng malinis na konsensya patungo sa Diyos at gagana ito upang magkaroon ng malinaw na konsensya ng iba.

Kailangan mong umalis mula sa anumang masidhing pagnanasa ng kabataan at kumilos upang magsilbi sa Diyos kasama ng nga taong tinawag ng Diyos ng may malinis na puso. Kailangan mo talagang mamili kung kanino dapat maging. Kailangan mong panatilihin ang iyong sarili na malinis sa hindi paglilingkod sa Diyos kasama ng hindi malinis na mga tao.

Kailangan mong umalis mula sa makasalanan na mga tao at huwag magsilbi sa mga idolo na kasama nila. Huwag makipagkasundo at pumunta kasama ng mga taong nagkakasala at gumagawa ng mga bagay laban sa Diyos.

Habang nililinis mo ang iyong puso makakaya mong makita ang Diyos at iyon ang magdadala sayo ng walang hanggang kagalakan sa iyong puso. Ito ang makalangit na kasiyahan, sapagkat ang kasiyahan makita ang Diyos ay ipinangako sa mga, at sa mga lamang , na may malinis na puso.

Aking panalangin:

Ama naming Diyos ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan, inilibing at bumangon mula sa mga patay sa ikatlong araw upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan.

Panginoon salamat sa iyong Salita na binuksan ang aking isip na malinaw at ginawa mong maunawaan ang iyong kalooban at ang paraan upang mabuhay para sayo upang paglingkuran ka.

Ating ihayag sa Diyos ang ating mga kasalanan at mga maling gawain. Ating hinggin sa Diyos ang kapatawaran at kaawaan para na nagawa laban sa Kanya at laban sa ibang tao at laban sa simbahan at ang ministerio ng Diyos.

Panginoon patawarin mo ako sa mga sumusunod na mga kasalanan

Hinggin sa Diyos ang kapatawaran para sa iyong maling motibo, malisya, masamang pagiisip, pagmamataas, pagmamayabang, pagmamalaki, galit, pagsisi sa iba, panlalamang sa mga tao, pagpatay,immoralidad, pagnanakaw,pagsisinungaling atbp.

Panginoon ipinagkakatiwala ko aking sarili upang manatili sa iyong Salita na aking natanggap sa mensahe. Panginoon ako'y nagpasya na linisin ang aking puso, aking kaisipan, at aking buhay mula sa lahat ng hindi malinis na mga bagay na aking pinagsisihan. Panginoon, tulungan mo ako, patawarin ang aking mga kasalanan, kaawaan mo ako, turuan mo ako ano ang kailangan kong gawin, at ibalik ako upang maglingkod sayo at maglingkod sa iba ng naayon sa iyong kalooban.

Panginoon ipinapanalangin ko ang aking mga kapatid na lalaki at babae na nagpakumbaba ng kanilang mga sarili sa harap mo uoang mabuhay at ilapat ang mga prinsipyo na aming natutunan mula sa iyong Salita sa mensaheng ito, Panginoon protektahan mo sila, at ibigay sa kanila ang lahat ng kanilang mga pangangailangan. Panginoon aliwin mo sila at siguraduhin sa kanila na pinatawad mo na sila, at ikaw ay sumasakanila at ginagabayan sila sa kanilang buhay. Panginoon punuin mo ulit sila ng ng iyong Banal na Espiritu at gawin ang kanilang buhay ay patotoo at kaakit akit sa iba upang ang mga tao'y maniwala sayo at magsimulang sumunod sa iyo at mabuhay ng naayon sa iyong Salita at katuwiran. Panginoon gamitin sila upang makapagebanghelyo at makagawa ng bagong mga alagad mo at upang makabuo ng iyong simbahan, ang katawan ni Cristo.

Panginoon, ako'y nanalangin para sa amin bilang isang simbahan na tulungan kami, protektahan kami, at ibigay sa amin upang magpatuloy sa paglilingkod sayo at gawin ang iyong gawain at iyong kalooban. Panginoon punuin mo ulit kami mg iyong Banal na Espiritu at bigyan daan kami upang makapagebanghelyo at upang maabot ang bagong mga tao ng Mabuting Balita ni JesuCristo at ng Salita ng Diyos. Panginoon kami'y nanalangin na iyong bigyang daan kami upang makapagtanim ng bagong pagaaral ng Bibliya at bagong kapisanan para sa iyong simbahan. Panginoon pagpalain kami, palawakin mo ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay, at ilayo kami sa anomang kapahamakan upang kami'y hindi masaktan. Sumaamin nawa ang pagpapala ng Panginoong Jesus at ng pagibig ng Diyos at ng pakikipagkaisa ng Banal n Espiritu ay sumaaming lahat sa pangalan ni Jesus. Amen.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espirituwal na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi ang mesahe sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iyong iba't ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:
00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak o pinansyal, mangyaring malayang makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.